

Tungkulin na kumuha ng insurance sa bisikleta mula Abril 1, 2018 sa Saitama

May aksidente sa bisikleta bawat 5 minuto 20 segundo



Noong nagbibisikleta pauwi ang isang 11 taong-gulang na bata sa daan na walang bangketa, natumbok niya ang isang naglalakad na babae (62 taong gulang). Dahil sa aksidenteng yun, ang nasabing babae ay wala pa ring malay mapasahanggang ngayon. Umabot ang bayad-pinsala sa 95,210,000 yen. (Hatol ng Kobe District Court). Sa mga panahon ngayon, may mga kaso na malaking halaga ang kinakailangang mabayaran.

■ Bumababa ang aksidente sa bisikleta pero tumataas ang bayad-pinsala

	Bilang ng pinsala sa aksidente	Bilang ng pagkasawi	Bilang ng nasugatan
2017	7,562	32	7,589
2016	7,895	33	7,933
Bilang ng pagtaas o pagbawas	- 333	- 1	- 344
Ratio ng pagtaas o pagbawas	- 4.2%	- 3.0%	- 4.3%

Bumababa ang bilang ng aksidente sa bisikleta sa Saitama prefecture ngunit ang responsibilidad at bayad-pinsala ay lumalaki. Hindi maaaring talikuran ang responsibilidad dito kahit ikaw ay menor de edad pa lamang.

Sa ganitong sitwasyon, ang Saitama prefecture ay nagpasya na lahat ng tao at kumpanya na gumagamit ng bisikleta ay magpaseguro o kumuha ng cycle-insurance, gayundin susuriin ang “Ordinansa sa tamang pagbibisikleta sa Saitama Prefecture” upang mabawasan ang pagbigat sa biktima at maysala sa aksidente sa bisikleta.

Ang cycle-insurance ay isang paseguro at pagtutulungan upang mabayaran ang anumang pinsala kapag naaksidente ang isang tao kaugnay ng isang nagbibisikleta..

■ Magkano ang halaga ng bayarin sa pagseseguro o insurance?

Magkano ang gagastusin sa pagseseguro?

May iba't-ibang antas ng bayad sa pagseseguro, mula 260 yen/buwan at pataas. Pumili na lamang ng nararapat sainyo, kung aling kumpanya ng paseguro, kung magkano ang bayarin, at kung magkano ang tatanggaping bayad-pinsala.

May ilang halimbawa sa baba. Para sa detalye, tingnan sa internet o kumontak sa FICEC.

	Halaga ng seguro (taunanang bayad)	Kumpensasyon sa pagkasawi	Kumpensasyon sa pagkakaroon ng disabilidad	Seguro para sa arawang bayad sa ospital	Seguro para sa operasyon
Plan A	2,900 yen	3,000,000 yen	-	6,000 yen	-
Plan B	2,290 yen	3,000,000 yen	3,000,000 yen	3,000 yen	15,000 yen or 30,000 yen
Plan C	1,960 yen	1,000,000 yen	1,000,000 yen	1,500 yen	-

※Kung menor de edad ang nagbibisikleta, ang magulang o tagapag-alaga ang magpapaseguro.

Pagbubukas na muli ng Central Library, Fujimi-shi


Bukas na ulit ang Central Library ng Fujimi-shi sa unang pagkakataon sa loob ng isang taon. Sa tulong ng opinyon ng mga residente, mas naging kaaya-aya ang aklatan. May lugar na para sa may kasamang sanggol, lugar na pwedeng manood ng video, para sa musika, hindi lamang pagpahiram ng libro, kundi para komportable din ang mga gagamit.

May iskedyul para sa pagbasa ng kuwento at pagpapalabas ng sikat na pelikula, kaya punta na tayo sa Central Library!.



Matuto ng Nihongo gamit ang “Hiragana no renshu” na libro.

Sa FICEC Japanese language class, mag-aral at matututo ng Nihongo mula 10:00 - 12:00 tuwing Huwebes. Ang librong “Hiragana no renshu” ay ginawa para sa nag-aaral ng wikang Hapon sa unang pagkakataon. Madaling matuto dito dahil may mga larawan. 100 yen ang isa. Tara at sama-samang tayong matuto.



Payo sa mga nag-aaral ng wikang Hapon (1)

◆Ms. N, mula sa Pilipinas ◆

Noong unang pagpunta ko sa Japan para magtrabaho, hindi ako marunong magsalita ng wikang Hapon.

Nang magka-asawa at magka-anak ako, sinikap kong matuto ng wikang Hapon dahil sa aking paniniwala ay mas mabibigyan ko sya ng angkop na pangangalaga at proteksyon. Iniiwan ko pansamantala sa biyenang ko ang anak ko para mag-aral sa gabi sa Japanese language class.

Nang mag-aral ang anak ko sa kindergarten, nakipagkaibigan ako sa mga haponesang nanay ng mga kaibigan ng anak ko. Iniiwanta ko sila sa bahay ko at sumasali sa mga aktibidad ng PTA kahit hindi ako gaanong marunong ng Nihongo. Nang maging kaibigan ko sila, tinutulungan na nila ako sa pagbasa ng mga sulat mula sa paaralan.

Gumawa din ako ng talaarawan araw-araw upang matuto ng wikang Hapon dahil gusto kong tumira dito habambuhay. Nang nakakaintindi na ako ng wika, pinag-aralan ko naman ang kulturang Hapon, at gusto kong mag-aral pa at nagsimula akong magtrabaho. Nakipagkaibigan din ako sa mga katrabaho kaya masaya ako sa trabaho. Nang matatas na ako sa wika, kumuha ako ng pagsusuri sa pagmamaneho para malaman ang antas ng kaalaman ko at pumasa naman ako.

Magkakaroon ng Korean dish class!



Magluto tayo ng pambahay at karaniwang lutong Koreano

Petsa: [ang itatakdang petsa at oras ay ipapahayag sa Facebook]

Lugar: Piaza☆Fujimi
(Malapit sa east exit ng Fujimino station)

Singil: 3000 yen (gastusin para ingredients at iba pa)

Dapat dalhin: Apron, kerchief o bandana

Titser: Ms. An Unju

Menu: Cheese dak galbi, seaweed soup, Korean pancake

Kontak: FICEC-049-256-4290